# *Kalihim ng Estado*

Mahal na Kapwa Botante:

Sa pagpaparehistro upang makaboto, gumawa kayo ng unang hakbang sa pagganap ng isang aktibong papel sa pagpapasiya ng hinaharap ng California. Ngayon, upang matulungan kayong gumawa ng inyong mga desisyon, nilikha ng aking opisina itong Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante—isa lamang sa mga kapaki-pakinabang na kasangkapan para sa pagkuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa makikita ninyo sa inyong balota at kung paano gumagana ang halalan.

Ang impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukala na bukod-tangi sa inyong rehiyon ay makukuha sa librito ng halimbawang balota ng inyong county. At para sa iba pang mga detalye tungkol sa proseso ng halalan—kabilang ang kung paano aalamin ang katayuan ng inyong pagpapaparehistro bilang botante, saan boboto, o kung ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay natanggap—bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections* o tawagan ang aking walang-bayad na nakahandang linya sa (800) 339-2957.

Ang pagboto ay madali, at sinumang nakarehistrong botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o sa isang lugar ng botohan. Ang huling araw upang humiling ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo mula sa opisina sa mga halalan ng inyong county ay Ika-27 ng Mayo. Sa Araw ng Halalan, ang mga botohan ay mananatiling bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Maraming iba pang mga paraan upang lumahok sa proseso ng halalan.

- Maging isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Halalan, tutulong na gawing mas madali ang pagboto para sa lahat ng mga karapat-dapat na botante at poprotektahan ang mga balota hanggang mabilang ang mga ito ng mga opisyal sa mga halalan.
- Palaganapin ang salita tungkol sa mga huling-araw ng pagpaparehistro ng botante at mga karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng mga email, mga tawag sa telepono, mga polyeto, at mga paskil.
- Tumulong na bigyan ng kaalaman ang ibang mga botante tungkol sa mga kandidato at isyu sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga grupong tumatalakay o paglahok sa mga pakikipagtalakayan sa mga kaibigan, pamilya, at mga lider ng komunidad.

Ang patnubay na ito ay nagtataglay ng mga titulo at mga buod ng mga panukala sa balota ng estado na inihanda ni Pangkalahatang Abugada Kamala D. Harris; mga walang-pinapanigang pagsusuri ng mga panukala sa balota at maaaring maging mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis na inihanda ni Pambatasang Manunuri Mac Taylor; mga pangangatwirang panig at laban sa mga panukala sa balota na inihanda ng mga tagapagtaguyod at mga kalaban; teksto ng mga iminumungkahing batas na inihanda at binasa para sa katumpakan ni Pambatasang Abugada Diane F. Boyer-Vine; at iba pang kapaki-pakinabang na mga impormasyon. Ang paglilimbag ng patnubay na ito ay ginawa sa ilalim ng pangangasiwa ni Tagalimbag ng Estado David Gerald "Jerry" Hill.

Isang magandang pribilehiyo sa isang demokrasya na magkaroon ng karapatang pumili at ng karapatang isatinig ang inyong opinyon. Gaya ng alam ninyo, ang ilang mga labanan ay talagang pinagpapasiyahan ng maliit na kalamangan na ilang mga boto lamang. Hinihimok ko kayo na mag-ukol ng oras upang basahing mabuti ang tungkol sa bawat kandidato at panukala sa balota—at alamin ang inyong mga karapatan sa pagboto.

Salamat sa pagiging seryoso ninyo sa inyong pananagutang sibil at pagpaparinig ng inyong tinig!